# Dadakutin ni Allāh ang lupa at tutupiin Niya ang mga langit sa kanang kamay Niya. Pagkatapos magsasabi Siya: Ako ang Hari. Nasaan ang mga hari ng lupa?"}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Dadakutin ni Allāh ang lupa at tutupiin Niya ang mga langit sa kanang kamay Niya. Pagkatapos magsasabi Siya: Ako ang Hari. Nasaan ang mga hari ng lupa?"}
[صحيح] [متفق عليه]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Allāh (napakataas Siya) sa Araw ng Pagbangon ay dadaklot sa lupa at magtitipon nito, magtutupi ng langit sa kanang kamay Niya, magbabalot ng isang bahagi nito sa ibabaw ng isang bahagi, mag-aalis nito, at pupuksa rito. Pagkatapos magsasabi Siya: "Ako ang Hari. Nasaan ang mga hari ng lupa?"}



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee